

Pagbabayad ng **Utang sa Ipinasarang Bangko**

Gabay para sa mga May Utang sa Ipinasarang Bangko

Ang **Philippine Deposit Insurance Corporation** (PDIC) ay isang *government instrumentality* na itinatag ng Kongreso sa pamamagitan ng Republic Act No. 3591 noong ika-22 ng Hunyo 1963 para protektahan ang mga depositor at isulong ang katatagang pinansyal ng bansa.

Ang PDIC ang *state deposit insurer*. Nagbibigay ito ng proteksyon sa mga depositor sa pamamagitan ng *deposit insurance* para sa lahat ng *insured deposits* sa mga bangko sa Pilipinas.

Ang PDIC din ang *statutory receiver* ng mga bangkong ipinasara ng *Monetary Board* ng BSP.

Kapag ipinasara ng Monetary Board (MB) ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang isang bangko, itinatalaga nito ang Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) bilang *Receiver* ng nasabing bangko. Inaatasan din ng MB ang PDIC na isagawa ang *liquidation* ng ipinasarang bangko.

Responsibilidad ng PDIC na i-*convert* sa *cash* ang mga ari-arian ng ipinasarang bangko para tumaas ang tsansa na mabayaran ang *claims* ng *creditors* at *uninsured* depositors ng ipinasarang bangko.

Maliban sa pagbebenta ng mga ari-arian ng ipinasarang bangko, isang paraan ng PDIC sa pag-*liquidate* ay ang pagkolekta ng bayad sa mga pautang ng ipinasarang bangko.

Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1233

Hotline: (02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)
Toll-free: 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342 (Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

Website: **www.pdic.gov.ph**
Facebook: **www.facebook.com/OfficialPDIC**
X (dating Twitter): **@OfficialPDIC**
YouTube: **www.youtube.com/@PDICOfficial**

© 2025

BAKIT KAILANGANG BAYARAN ANG UTANG SA MGA IPINASARANG BANGKO?

Ang pagsasara ng isang bangko ay hindi nagpapawalang-bisa sa obligasyon ng sinumang may utang dito. Kaya, ang mga may utang sa ipinasarang bangko ay obligado pa ring magbayad.

a. Ang pagbabayad ng utang ay tumutulong sa mga *creditor* o pinagkakautangan ng mga ipinasarang bangko, mapa-indibidwal man o negosyo, na mabayaran ng PDIC. Ang lahat ng bayad sa utang ay pinagsasama-sama sa isang pondo na pinagkukunan naman ng pambayad sa *claims* ng mga *creditor* ng ipinasarang bangko ayon sa *legal priority* na nakasaad sa batas.

b. Ang pagbabayad ng isang *secured loan* ay nagbibigay-daan para mabawi sa pagkakasangla ang ari-ariang ginamit bilang *collateral* sa utang at maiwasang maremata ito.

c. Ang pagbabayad ng utang ay tumutulong na pataasin ang posibilidad na muling makautang sa ibang mga bangko o *financing companies*. Ang tapat na pagbabayad ng utang ay nagpapaganda ng *credit record* o *history* ng isang *borrower* na maaaring makita at ikonsidera ng *lending institutions* kapag nagsagawa sila ng *credit investigations* o *background checks* sa mga nais umutang. Sa kabilang banda, ang hindi pagbabayad ng utang ay makikita rin sa *credit record* o *history* ng *borrower*, na maaaring magpababa ng kanyang pagkakataong muling makautang.

d. Ang pagbabayad ng utang ay tama at marangal na gawain. Ang lahat ng hiram ay dapat ibalik at ang utang ay hiram na pera na dapat isauli o bayaran.

PAANO AKO MAGBABAYAD NG UTANG SA IPINASARANG BANGKO?

1 **Kumuha ng *Account Reference Number (ARN)* sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:**

a. Sa mga empleyado ng PDIC na nakatalaga sa ipinasarang bangko;

b. Pagbisita sa PDIC Public Assistance Center: G/F PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1233

c. Pagtawag sa Telepono:

i. Public Assistance Hotline: (02) 8841-4141 kung sa Metro Manila tatawag
ii. Toll Free: 1-800-1-888-7342 or 1-800-1-888-PDIC kung sa labas ng Metro Manila tatawag

d. Pagpapadala ng e-mail sa **pad@pdic.gov.ph**

e. Pag-message sa Facebook sa **www.facebook.com/OfficialPDIC**

TANDAAN: Ang ARN ay isang *unique number* o numerong walang katulad na ibinibigay ng PDIC sa *borrowers* ng ipinasarang bangko para masiguro ang tama at wastong pag-rekord ng kanilang mga bayad. Sa "*Card No., Subscriber's No., or Policy/Plan/Reference No.*" na bahagi ng Philippine National Bank (PNB) *Payment Slip* sinusulat ang ARN. Kasama din sa *demand letters* na pinapadala ng PDIC sa *borrowers* ang kanilang ARN.

2 **Magbayad sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:**

a. Personal na pagbabayad sa:

i. PDIC Public Assistance Center sa Makati; at

ii. Kahit saang PNB *branch*

Sa PNB *Payment Slip*:

- Isulat ang "PDIC FAO BURL: [Pangalan ng Ipinasarang Bangko]" sa *Company Name section*
- Isulat ang ARN sa *Reference No. Section*

b. Pagpapadala ng *bank check* o *postal money order (PMO)* sa PDIC Loans Management Group sa pamamagitan ng koreo/*postal mail*.

c. Link.Biz *online payment portal* ng Land Bank of the Philippines (LBP) sa **bit.ly/lbp-linkbiz**.

d. *Optional*/Hindi sapilitang pag-*offset* ng *deposit balance* sa utang sa ipinasarang bangko para sa *current borrowers*.

Tandaan: *Automatic* ang pag-*offset* ng *deposit balance* para sa mga *borrower* na *past due* na ang utang.

3 **Kunin ang Resibo**

Kung nagbayad sa PNB o nagbayad sa pamamagitan ng *bank check* o PMO, ipapadala ng PDIC ang *Official Receipt (OR)* sa *registered mailing address* ng *borrower* matapos ma-*verify* at i-*record* ang bayad. Maaaring mag-*follow up* ang *borrowers* ng kanilang OR sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng sulat, e-mail, o *Facebook message*.

CLOSED BANK LOAN INCENTIVE PROGRAM

Para hikayatin ang *borrowers* ng ipinasarang bangko na magbayad ng kanilang utang, nagbibigay ang PDIC ng mga insentibo sa ilalim ng pinalawig na *Closed Bank Loan Incentive Program (CLIP)*. Depende sa taon na ipinasara ang bangko at ang klase ng utang, ang kwalipikadong *borrowers* na may *outstanding principal balance* na hanggang ₱10 *million* ay maaaring makinabang sa mga insentibo gaya ng malalaking *discounts* at *waived penalties* at *charges*.

Loan Components	INCENTIVES			
	Borrowers ng mga bangkong isinara sa taong 2023 at mas maaga pa		Borrowers ng mga bangkong isinara sa taong 2024 at 2025	
	Clean or Secured by Chattel Mortgage or Pledge	Secured by Real Estate Mortgage	Clean or Secured by Chattel Mortgage or Pledge	Secured by Real Estate Mortgage
Outstanding Principal	50% Discount	Walang Discount	50% Discount	Walang Discount
Booked Interest, Penalties & Other Charges				
Unbooked Interest	Waived	Reduction of interest rate to between 3% p.a. and 5% p.a. based on status of loan	Waived	Reduction of interest rate to 5% p.a.
Unbooked Penalties & Other Chrages		Waived		Waived

Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang **www.pdic.gov.ph/CLIP** o i-*scan* ang *QR Code* na ito: